

# EPP-IA

## Modyul 8:

### Pag-iingat at Pagmamalasakit sa Kapaligiran Tungo sa Patuloy na Pag-unlad ng Pamayanan



**EPP-IA Ikaapat na Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Modyul 8: PAG-IINGAT AT PAGMAMALASAKIT SA KAPALIGIRAN TUNGO SA  
PATULOY NA PAG-UNLAD NG PAMAYANAN  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Babilene R. Bascuña

**Editor:** Bavie F. Dela Rama

**Tagasuri:** Filip P. Cañas

**Tagaguhit:** Noel A. Perez

**Tagalapat:** Noel A. Perez

**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao Jr.

Grace U. Rabelas, Ma. Leilani R. Lorico, Christie L. Alvarez,

Lita T. Mijares, Salvador T. Pelingon

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Site, Rawis, Legazpi City, 4500

Telefax: (052) 482-0046 / (052) 482-0373

E-mail Address: [deped.rov@deped.gov.ph](mailto:deped.rov@deped.gov.ph)

## **EPP-IA**

### **Modyul 8:**

# **Pag-iingat at Pagmamalasakit sa Kapaligiran Tungo sa Patuloy na Pag-unlad ng Pamayanan**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't-ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagpadaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutunan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Sa modyul na ito ay matututunan mo ang pag-iingat at pagmamalasakit na kailangang gawin upang mapanatiling maayos ang kapaligiran. Matutukoy ang mga dapat isaalang – alang na mga dahilan upang magkaroon ng patuloy na pag – unlad ang ating kapaligiran.

- Naibabahagi ang mga pag-iingat at pagmamalasakit sa kapaligiran sa pagpapalano at pagbuo ng produkto tungo sa patuloy na pag-unlad.
- Naisasaalang-alang ang pag-iingat at pagmamalasakit sa kapaligiran sa pagpapalano at pagbuo ng produkto tungo sa patuloy na pag- unlad.
- Napapahalagahan nang may pagmamalasakit sa kapaligiran sa pagpapalano at pagbuo ng produkto tungo sa patuloy na pag- unlad.



## ***Subukin***

Magmasid ka sa inyong kapaligiran o bakuran sa inyong bahay o hardin. Anong mga bagay ang iyong nakikita na maaring mapakinabangan upang makatulong sa inyong pamumuhay?

- Ano – anong mga halaman, puno, at damuhan ang maari mong magamit sa proyekto?
- Anong proyekto ang maaari mong mabuo mula sa mga halamang ito?
- Ito ba ay makakatulong upang patuloy na umunlad ang ating bayan?



**Aralin**  
**8**

**Industrial Arts: PAG-IINGAT AT  
PAGMAMALASAKIT SA  
KAPALIGIRAN TUNGO SA  
PATULOY NA PAG-UNLAD NG  
PAMAYANAN**



***Balikan***

Magbigay ng limang (5) mahahalagang panuntunan na pangkaligtasan at pangkalusugang sa paggawa na dapat sundin.

1. \_\_\_\_\_

2. \_\_\_\_\_

3. \_\_\_\_\_

4. \_\_\_\_\_

5. \_\_\_\_\_



***Tuklasin***

Ang ating kapaligiran ay may mga likas na yaman na maaaring pagmulan ng mahahalagang materyales sa pagbuo ng iba't ibang produkto. Kabilang sa mga likas na yaman na maaring



pagkunan ng mga materyales ay ang mga kabundukan na mayaman sa kagubatan na sagana sa mga puno; tulad ng narra, kamagong, tangili, kawayan at mga baging na maaring gawing iba't ibang produkto. Maari ring magmina ng mga mineral tulad ng bakal, tanso, ginto, pilak.

Mayaman rin sa lupang sakahan ang ating bansa. Ang kapatagan, lambak, talampas, at gilid ng bundok ay karaniwang tinataniman ng iba't ibang uri ng halaman. Marami rin tayong mga yamang tubig. Ang mga dagat, ilog, lawa, at iba pang yamang tubig ay sagana sa mga isda at pagkaing dagat.

Mga dapat isaalang-alang sa pag – iingat at pagmamalasakit sa kapaligiran

Pagpapalano at Pagbubuo ng Proyekto

1. **Planuhing mabuti ang proyektong gagawin.** Isiping mabuti kung ang gagawing proyekto ay kapaki- pakinabanag sa mag-anak. Tiyakin na ang mga kakailanganing materyales ay nasa paligid lamang. Sa pamamagitan ng tamang pagpapalano, maiwasan ang pagkakamali at paulit – ult na paggawa.



2. **Gumamit ng angkop na materyales sa paggawa ng proyekto.** Ang mga katutubong materyales na dapat gamitin sa pagbuo ng proyekto ay madaling hanapin at higit sa lahat, mura at mataas ang kalidad. Tiyaking nakahanda ang mga pangangailangan upang di maantala ang mga gawain.



3.



4. **Gumamit ng mga kasangkapang maayos ang kondisyon.**

Bigyan halaga ang mga kasangkapang gagamitin sa pag gawa ng proyekto. Gamitin nang buong ingat ang mga kasangkapan.



5. **Ibalik sa tamang lalagyan ang mga kasangkapan ginamit.**

Siguraduhing nasa maayos na lalagyan ang mga kagamitan at kasangkapan na ginamit pagkatapos gamitin. Ito ay dapat gawin upang maging maayos ang paggawa simula sa umpisa hanggang sa ito ay mabuo.



6. **Itapon sa tamang imbakan ang mga basura.** Napakahalaga na ang inyong pinag gawaan ay malinis at maayos bago ito iwanan. Siguraduhin ang mga basura ay nakalagay na sa tamang lagayan.




### ***Suriin***

Ibigay ang iyong opinyon sa sitwasyon/pangyayari.

“Nagbakasyon ang inyong pamilya sa tiyahin ninyo sa probinsya. Napansin mo na nag mga tao doon ay sanay magsunog

ng mga tinatambak na basura. Bilang isang mag – aaral na nakakaintindi na bawal magsunog ng basura, ano ang nararapat mong gawin? Sino ang maaari mong lapitan?”



### ***Pagyamanin***

Gumawa ng tatlong (3) islogan tungkol sa wastong pangangalaga at pagtitipid ng mga pinagkukunang yaman.



### ***Isaisip***

Ang pinagkukunang yaman ay mga bagay na kailangan at ginagamit ng mag-anak upang mapabuti at mapayos ang pamumuhay. Dapat ingatan at alagaan ang kapaligiran upang magkaroon nang masaganang pamumuhay ang bawat isa.



### ***Isagawa***

Sumulat ng isang maikling sanaysay o repleksyon tungkol sa pangangalaga ng mga likas na yaman. Magbigay ng mga paraan na kayang gawin ng isang batang katulad mo upang makatulong sa pagtitipid ng mga likas na yaman.

---



## **Tayahin**

Iguhit sa patlang ang bituin (★) kung ang sinasaad ay tama at ekis (X) kung mali.

- \_\_\_ 1. Namamasyal kayo sa parke ng inyong pamilya ng may nakita kang isang bata nagtapon ng candy wrapper sa play ground.
- \_\_\_ 2. Pinutol ang puno sa inyong bakuran dahil ito daw ay gagamiting panggatong.
- \_\_\_ 3. Sa bayan ng Sta. Cruz ay hiwalay ang pagtapon ng hindi nabubulok sa nabubulok na basura.
- \_\_\_ 4. Itinago ni Maria ang mga latang ginamit sa pagluto ng kaniyang ina upang gawin na pen holders.
- \_\_\_ 5. Ginawang taniman ng halaman ang mga tinapong plastic bottles
- \_\_\_ 6. Huwag magsusunog ng mga nahulog na dahon ng puno sapagkat nakakatulong ito sa pampataba ng lupa.
- \_\_\_ 7. Pansamantalang ilagay sa loob ng bag ang inyong basura upang hindi na ito kumalat pa.
- \_\_\_ 8. Gumamit ng mga kasangkapang nasa maayos na kondisyon upang makaiwas sa disgrasya.
- \_\_\_ 9. Planuhing maayos ang gagawing proyekto upang magawa ito ng maayos.
- \_\_\_ 10. Ilagay kung saan saan ang mga kasangkapang ginamit sa pag gawa ng proyekto.



## ***Karagdagang Gawain***

Gumawa ng “Poster” tungkol sa tamang pangangalaga ng ating likas na yaman.

A large, empty rectangular box with a thin black border, intended for the student to draw a poster about natural resource management.



## Susi sa Pagwawasto

10' X  
9' ★  
8' ★  
7' ★  
6' ★  
5' ★  
4' ★  
3' ★  
2' X  
1' X

sa tamsa sa eksis (X) kung mali.

Iguhit sa batayang ang bituin ★ kung ang sinasag

MAHAYAT

## ***Sanggunian***

Sheila Mae R. Roson, Roberto B. Torres, Randy R. Emen, 2015. *Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan Kagamitan ng Mag – aaral*, Pasig City Philippines 1600: Vibal Group Incorporated.



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)